



Empower yourself against utility scams

Bigyang kapangyarihan ang iyong sarili laban sa mga scam sa utilidad

Espesyalista sa Edukasyon ng Mamimili, FTC

Nakatanggap ka ng tawag na nagsasabing mapuputulan ka ng kuryente o tubig maliban kung babayaran mo ang bill na hindi mo pa nababayaran. Maaaring hindi mo isipin na *mayroon* kang bill na hindi pa nababayaran. Pero parang nakakakumbinsi ang caller, at hindi mo kayang hindi ito pansinin, lalo na kung may pinapatakbo kang isang maliit na negosyo. Sa totoo, hindi mo kayang hindi ito paniwalaan.

May naririnig ang FTC tungkol sa mga scammer na nagpapanggap na mga kumpanya ng utilidad sa pagsusumikap na makuha ang pera mo. Narito ang mga palatandaang babala ng scam sa utilidad:

- **Kung alam mong nagbayad ka na, tumigil.** Kahit na nagpupumilit ang caller na mayroon kang bill na hindi pa nababayaran. Iyon ang isang malaking palatandaan.
- **Huwag na huwag ibibigay ang iyong impormasyon sa bangko sa pamamagitan ng email o telepono.** Ang mga kumpanya ng utilidad ay hindi hihingi ng impormasyon sa bangko sa email o telepono. At hindi ka nila pipiliting magbayad sa pamamagitan ng telepono bilang iyong *natatanging* opsyon.
- **Humingi ba ang caller ng pagbabayad sa pamamagitan ng gift card, cash reload card, wiring money o cryptocurrency?** Huwag itong gawin. Hindi humihingi ang mga lehitimong kumpanya ng isang espesipikong paraan ng pagbabayad. At sa pangkalahatan ay hindi sila tumatanggap ng mga gift card (gaya ng iTunes o Amazon), mga cash reload card (gaya ng MoneyPak, Vanilla, o Reloadit), o cryptocurrency (gaya ng bitcoin).

Kung nakatanggap ka ng tawag na kagaya nito, narito ang ilang bagay na maaari mong gawin:

- Nag-aalala na hindi mo pa nababayaran ang iyong bill? Kontakin nang direkta ang kumpanya ng utilidad gamit ang numero sa iyong papel na bill o sa website. Huwag tumawag sa anumang numerong ibinibigay sa iyo ng caller.
- Huwag na huwag ibibigay ang impormasyon sa bangko sa telepono maliban kung *ikaw* ang tumawag sa numerong alam mong lehitimo.
- **Ipaalam sa FTC.** Nakakatulong sa amin ang iyong mga report na labanan ang mga scam na ito. At i-report ito sa tunay na kumpanya ng utilidad. Kung nagbayad ka na, ipaalam sa provider sa pagbabayad – gaya ng kumpanya ng wire transfer o gift card. Maaaring hindi mo na mabawi ang pera mo, pero mahalagang ipaalam sa kanila ang tungkol sa scam.
- Alamin kung paano mo **mapoprotektahan ang iyong sarili** at **ang iyong negosyo** mula sa mga scams.